## Sino Kami

Kami ay isang nagsasariling tanggapan na nagrereport sa Legislative Assembly - at hindi sa anumang ministry ng pamahalaan - para lubos kaming makapagtuon ng pansin sa kabutihan ng mga bata at kabataan. Ang aming awtoridad ay nagmumula sa Representative for Children and Youth Act, at ang aming trabaho ay ang gawing mas mainam ang mga bagay para sa mga kabataan sa B.C.

## Ito ang aming ginagawa:

### Indibidwal na Advocacy (Pagtataguyod)

Tinutulungan namin ang mga kabataan at mga pamilya na makaahon sa mga paghahamon at lutasin ang mga maaaring maging problema sa pagkuha ng mga serbisyo sa pamahalaan.

### Mga Pagrerepaso at mga Imbestigasyon

Nirerepaso at iniimbestigahan namin ang mga pinsala at mga kamatayan ng mga kabataang nakatanggap ng mga serbisyo sa pamahalaan. Naghahanap kami ng mga pattern at mga trend na makakatulong na pahusayin ang mga serbisyo.

### Sistemikong Advocacy

Binibigyang-diin namin ang mga pagkukulang sa mga serbisyo at suporta, nag-iisyu kami ng mga report, gumagawa kami ng mga rekomendasyon, at pinananagot namin ang pamahalaan nang ito'y gumawa ng pagbabago.

**Ang lahat ng aming mga ginagawa ay para pahusayin ang mga sistemang nagsusuporta sa mga kabataan.**

## Kontakin Kami

Tawagan kami o kaya'y padalhan kami ng email para malaman kung paano ka namin masusuportahan.


**1-800-476-3933**

**rcy@rcybc.ca**

B.C.'s Representative for Children and Youth

rep4youth

@rcybcyouth

@RCYBC

@rcybc.bsky.social

### Tanggapan

Suite 400, 1019 Wharf St.
Victoria B.C. V8W 2Y9

404, 1488 - 4th Ave
Prince George, B.C. V2L 4Y2


May karagdagang impormasyon sa aming website.

RC&Y

[Filipino]



# Pinalalakas ang mga Tinig ng mga Kabataan

Mayroon ka bang alalahanin tungkol sa mga serbisyo at suporta para sa mga kabataan sa B.C.?
**Naririto kami para tumulong.**

RC&Y Representative for Children & Youth



## Sino ang aming Tinutulungan

### Mga Bata at Kabataan

**Wala pang 19-taong-gulang**

- Suporta sa pangangalaga ng pamahalaan o iba pang mga pagsasaayos ng pangangalaga, tulad ng isang youth agreement o sitwasyon sa pamumuhay
- Mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at pag-abuso ng droga o alak
- Pag-access ng suporta sa disability (kapansanan)
- Pag-access sa mga serbisyo sa early childhood development o sa childcare
- Suporta sa youth justice system

### Mga Kabataan

**19 hanggang 27-taong-gulang**

- Transisyon sa pagiging isang adult
- Provincial Tuition Waiver program
- Community Living BC Services

Gusto kong mas madalas na makita ang aking pamilya. Makakatulong ba ang RCY?

Ako'y pinangalagaan ng pamahalaan at ngayon ay mag-isa na ako. Mayroon bang sinumang mahihingan ko ng suporta?

Nahihirapan akong makakuha ng suporta para sa aking anak na may mga kapansanan. Para saan ba ako eligible?

Hindi ako sumasang-ayon sa desisyon ng aking social worker. Sino ba ang makakausap ko tungkol dito?

Ang aking apo ay nagkakaproblema sa kanyang paggamit ng droga/alak – sino ba ang makakatulong?

## Pagtataguyod sa mga Karapatan

Bilang isang organisasyon na nagtataguyod sa mga karapatan, pinaninindigan ng RCY ang mga karapatan ng mga kabataan. Matutulungan ka naming maunawaan kung anu-ano ang mga karapatang ito at kung ano ang gagawin kung sa palagay mo'y hindi nirerespeto ang mga karapatan ng isang indibidwal na kabataan.

Ang bawat bata at kabataan sa B.C. ay may karapatang maging:

- **Ligtas**
- **Magkaroon ng mabuting kalusugan**
- **Maging kanyang sarili**
- **Mapakinggan**

**Nais mo bang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng isang kabataan?**

# Tawagan kami!